Ang Inyong Karapatan para sa Tulong na nasa Inyong Wika:

Pangunahing Impormasyon tungkol sa Pederal na mga Karapatan sa Paggamit ng Wika

Sa ilalim ng batas ng Estados Unidos, kung kayo ay naghahanap ng mga serbisyo mula sa isang ahensiya ng pamahalaan o isang organisasyon na pinipondohan ng pamahalaan ng Estados Unidos, dapat kayong bigyan ng tulong na nasa inyong wika.

Ano ang mga serbisyo sa paggamit ng wika?

Ang mga serbisyo sa paggamit ng wika ay may kasamang libreng tagapagsalin sa ibang wika at libreng pagsasalin sa ibang wika ng mga mahahalagang dokumento. Hindi kayo maaaring pilitin ng isang ahensiya na magbigay ng inyong sariling tagapagsalin sa ibang wika (tulad ng isang kaibigan o miyembro ng pamilya, at inirerekomenda na huwag kayong gumamit ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan kahit na sila ay nagboluntaryo) o hilingin sa inyong magbayad para sa isang tagapagsalin sa ibang wika o para sa pagsasalin sa ibang wika na ibinigay ng ahensiya.

Ano ang isang tagapagsalin sa ibang wika?

Kapag nagsasalita ang mga tao ng iba't-ibang mga wika, tinutulungan sila ng isang tagapagsalin sa ibang wika na makipag-usap sa isa't-isa. Ang isang tagapagsalin sa ibang wika ay maaaring magtrabaho nang personal o sa pamamagitan ng telepono.

Saan ako may karapatan para sa mga serbisyo sa paggamit ng wika?

Kung hindi kayo masyadong nagsasalita ng Ingles, mayroon kayong karapatan para sa mga serbisyo sa paggamit ng wika sa:

- mga pederal na hukuman
- mga pang-estado at lokal na hukuman na tumatanggap ng salapi mula sa pamahalaan ng Estados Unidos
- mga pederal an ahensiya tulad ng Social Security Administration at U.S. Citizenship and Immigration Service
- mga pang-estado at lokal na ahensiya ng pamahalaan na tumatanggap ng salapi mula sa pamahalaan ng Estados Unidos tulad ng inyong lokal na mga serbisyong panlipunan o tanggapan ng welfare (tulong mula sa pamahalaan) at mga tanggapan para sa walang trabaho

Tungkol sa Gabay na ito

Ang gabay na ito ay ginawa ng Legal Aid Society of Northeastern New York sa pakikipagtulungan sa New York LawHelp Consortium at Pro Bono Net, na may suporta mula sa programa ng Legal Services Corporation Technology Initiative Grant.

Upang basahin ang lahat ng mga gabay sa seryeng ito, pumunta sa **LawHelpNC.org** o **LawHelp.org**.

Saan ako may karapatan para sa mga serbisyo sa paggamit ng wika (ipinagpatuloy)?

- sa mga tanggapan para sa mga legal na serbisyo na tumatanggap ng salapi mula sa Legal Services Corporation o iba pang ahensiya ng pamahalaan ng Estados Unidos upang magbigay ng mga libreng legal na serbisyo
- mga kagawaran ng pulisya na tumatanggap ng salapi mula sa pamahalaan ng Estados Unidos
- mga ospital na tumatanggap ng salapi mula sa pamahalaan ng Estados Unidos
- mga paaralan na tumatanggap ng salapi mula sa pamahalaan ng Estados Unidos

Tandaan, ang mga ahensiyang tumatanggap ng salapi mula sa pamahalaan ng Estados Unidos ay hindi kayo maaaring tanggihan ng mga serbisyo dahil kayo ay hindi nagsasalita ng Ingles.

Hindi ako binigyan ng mga serbisyo sa paggamit ng wika. Paano ako magsasampa ng isang reklamo?

Kung hindi kayo binigyan ng mga serbisyo sa paggamit ng wika, maaari kayong magkaroon ng paghahabol para sa diskriminasyon sa bansang pinagmulan. Upang magsampa ng isang reklamo, makipag-ugnayan sa:

Federal Coordination and Compliance Section - NWB
Civil Rights Division
U.S. Department of Justice
950 Pennsylvania Avenue, N.W.
Washington, D.C. 20530
(888) 848-5306 - Ingles at Espanyol (Ingles y Español)
(202) 307-2222 (boses)
(202) 307-2678 (TDD)
www.justice.gov/crt/about/cor/complaint.php

Ang ahensiyang nais ninyong ireklamo ay maaari rin na magkaroon ng isang paraan upang magsampa ng isang reklamo tungkol sa hindi pagtanggap ng mga serbisyo na nasa inyong sariling wika.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Naghahanap ng karagdagang impormasyon sa paksang ito? Puntahan ang LawHelpNC.org.

Pagtatatuwa ng Pananagutan

Ang gabay na ito ay inihanda para lamang sa mga layunin ng pangkalahatang impormasyon. Ang taglay nitong impormasyon ay hindi isang legal na payo. Ang legal na payo ay depende sa mga partikular na kalagayan ng bawat sitwasyon. At saka, maaaring mag-iba ang batas sa bawat estado. Ang ilang impormasyon sa gabay na ito ay maaaring hindi wasto para sa inyong estado. Upang maghanap ng mga lokal na mapagkukunan, puntahan ang LawHelpNC.org.